# KAPASIYAHAN BLG. 2026-48

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 29, S-2025 NG BARANGAY MALAMIG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KANILANG *ANNUAL INVESTMENT PROGRAM* PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T SIYAM NA MILYON, WALONG DAAN PITONG LIBO, LIMANG DAAN PITUMPU'T APAT NA PISO AT LABING PITONG SENTIMO (₱39,807,574.17)."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Malamig para sa kanilang *Annual Investment Program* na laang gugulin para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng ₱39,807,574.17;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Malamig at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Barangay Malamig ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahn Blg. 29, S-2025 ng Barangay Malamig, Bustos, Bulacan na nauukol sa *Annual Investment Program* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Tatlumpu't Siyam na Milyon, Walong Daan Pitong Libo, Limang Daan Pitumpu't Apat na Piso at Labing Pitong Sentimo (₱39,807,574.17).

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-9 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-9 ng Pebrero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim